Tanan

Gloc-9

Bakit hindi
Ka naman dumating
Sinadyang biguin
Mo ang aking hiling
Bakit hindi
Mo ako hinintay
Kailangang ibigay
Ko ang aking kamay
Sa taong hindi
Ko naman minahal
Ngunit di nag tagal
Kami ay kinasal
Bakit hindi
Ka naman dumating
Sinadyang biguin
Mo ang aking hiling

Alam kong hindi boto sakin ang iyong mga magulang
Kasi kung ano mang meron akong kokonti ay kulang
Perang laman ng pitaka ko ay kay bilis mabilang
Sasahod nako sa lunes kaya puwede nang mangutang
Pero kahit langit kat lupa ako alam mo
Ngayon lamang ako nag lakas loob ng ganito
Lalo na nung naramdaman kong may pag asa ako
Pakiramdam ko ay kayang kaya kong buhatin ang mundo
Ayun na nga pinayagan mo akong sunduin kita
Hawakan ang iyong kamay kahit nakatingin sila
Kitang kita ko ang aking saya sayong mga mata
Wala tayong pakialam sa sasabihin ng iba
Tuwang tuwa ka sa mga regalo kong di mamahalin
Kahit na sa mumurahin ay sabay tayong kumakain
Akoy nag papasalamat kahit na di madasalin
Pero bakit nag iba yata ang ihip ng hangin
Hanggang isang araw parang iniiwasan mo ako
Hindi na kita masilayan kahit na sa bintana nyo
Ilang linggo ang lumipas
Nagbakasali ako
Buti nalamang at sinagot mo na rin ang tawag ko
Bakit ka umiiyak ano bang dahilan
Parang awa mo na Susan sabihin mo naman
Narito ko para sayo kahit na ano pa yan pero
Di ko inasahan ang kanyang naging kasagutan
Gusto akong ipakasal ng aking ama sa iba may hihilingin ako sayo sana ay pum
ayag ka
Bago mag simbang gabi dun sa lumang talipapa sasama na ako sayo basta hihint
ayin kita
Dali dali akong umuwi hinakot ang damit
Dalawang maong limang kamiseta kaso isay punit
Ngunit ang mundoy sadya nga yatang napaka lupit
Dahil kaming dalaway di na magkikita pa ulit

Bakit hindi
Ka naman dumating
Sinadyang biguin
Mo ang aking hiling
Bakit hindi
Mo ako hinintay

Kailangang ibigay
Ko ang aking kamay
Sa taong hindi
Ko naman minahal
Ngunit di nag tagal
Kami ay kinasal
Bakit hindi
Ka naman dumating
Sinadyang biguin
Mo ang aking hiling

Patawarin mo ako kung nag hintay ka ng matagal
Inabot ka na ng lamig ngipin moy nangatal
Parang tarak ng kutsilyo na hindi mo matanggal yan ang sakit pag tinalikuran ka ng iyong Mahal
Mabuti na rin yun siguro kasi tingnan mo naman maayos ang iyong buhay at iny ong kinalalagyan
Sunod sa layaw ang inyong tatlong anak may laruan
Hindi ko kayang ibigay
Ang ganyang karangyaan
Ang meron lamang ako dito ay pag ibig na tunay
Babantayan ka habang ikay nag gagayat ng gulay
Suot ang bigay kong duster
Luma nat kupas ang kulay
Ng telang kasing lambot ng buhok mo na naka lugay
Sa gabi alam kong hindi ka nya pinapansin
Ayaw ka nyang alagaan pero bakit inaangkin
Parang isda na bilasa sa palengke mumurahin
Doon ka nya hinahambing
Tuwing ikay naglalambing

Bakit hindi
Ka naman dumating
Sinadyang biguin
Mo ang aking hiling
Bakit hindi
Mo ako hinintay
Kailangang ibigay
Ko ang aking kamay
Sa taong hindi
Ko naman minahal
Ngunit di nag tagal
Kami ay kinasal
Bakit hindi
Ka naman dumating
Sinadyang biguin
Mo ang aking hiling

Ayaw ko na sanang sabihin sayo ang mga ito
Pero baka ito ang susi ng katahimikan ko
Nong gabing magkikita tayo
Papunta na ako
Kaso dinukot ako ng mga tao ng Ama mo
Ginapos akot itinago sa tambakan ng gulong
Pinag hatian ang baon nating bibingkat puto bungbong
May piring aking mata
Nang marinig ko ang bulong
Isang malakas na putok ang sa ulo koy dumagundong
Tumatagas ang alaala kinaladkad sa Paa
May isa tiningnan pa kung di nako humihinga
Puwing na lupa at bato sa aking mga mata
Bakit ito ang sinapit at napunta ka sa iba
Lagi mo akong kasama masaya narin ako

Na may isang natupad sa mga kahilingan ko
Marahil ay nag tataka bakit alam ko lahat to
Ang bangkay koy nakalibing sa ilalim ng bahay nyo

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!